# Mga Pamamaraan para sa Child Allowance sa New Year Holidays

Ang tanggapan ay hindi makakatanggap ng mga aplikasyon para sa child allowance mula Disyembre 28, 2024 (Sabado) hanggang Enero 5, 2025 (Linggo). Para sa mga may anak na ipinanganak sa Disyembre o mga lumipat sa buwan na ito, mangyaring mag-apply sa loob ng 15 araw mula sa kinabukasan ng araw ng pagbabago (petsa ng kapanganakan o inaasahang petsa ng paglipat mula sa dating tirahan). Tatanggapin ang mga aplikasyon kahit na hindi kumpleto ang mga nakalakip na dokumento, kaya mangyaring mag-apply sa loob ng deadline.


©Ota City

- Mag-apply sa tanggapan ng Medical Care for Children, Childcare Support Division
- Electronic application
- Ipadala sa koreo

*Ang mga aplikasyon na maaaring isumite sa Branch Office ay para lamang sa mga aplikasyon para sa paglipat mula sa dating tirahan o panganganak. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

Medical Care for Children, Childcare Support Division
☎ 03-5744-1275 FAX 03-5744-1525

# Tungkol sa Pagkolekta ng mga Recyclable at Basura sa New Year Holidays

Walang pagkolekta mula sa Disyembre 31, 2024 (Martes) hanggang Enero 3, 2025 (Biyernes). Sa pagsisimula ng taon, babalik sa karaniwang pagkolekta mula sa Enero 4 (Sabado). Bukod dito, may pagkolekta sa Enero 5 (Linggo) sa ilang area. Sa New Year holidays, ang oras at ruta ng pagkolekta ay maaaring magbago nang husto kumpara sa karaniwan, kaya mangyaring itapon ang inyong mga recyclable at basura sa collection point bago ang 8:00 am sa araw ng pagkolekta.

Collection and Recycling Section, Sanitation Division
☎ 03-5744-1628 FAX 03-5744-1550
E-mail：kan-seso@city.ota.tokyo.jp



©Ota City

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323


▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Possibleng makita ang back issue ▶

Tagalog

Vol.45 | 2024.12



Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



# Oryentasyon bago Pumasok sa Elementary School

Ito ay para sa mga dayuhang magulang na may anak na hindi pa nag-aaral, kung saan ipapaliwanag tungkol sa mga elementary school sa Japan. Sa araw na ito, planong magkaroon ng pagpapaliwanag tungkol sa mga kaganapan at kinakailangang school supplies sa elementary school, pagkukuwento ng karanasan ng mga magulang ng mga naunang estudyante, at pakikihalubilo sa pagitan ng mga kalahok at mga nasabing magulang.

*Mayroong interpreter (Ingles, Intsik, atbp.)
*Mayroong childcare (mga bata mula sa edad na 1 at kalahating taon hanggang sa edad bago pumasok sa elementary school)
Kailangang mag-apply (tatanggapin ang naunang mga 8 tao)

Enero 26, 2025 (Linggo)
1:30 pm – 4:00 pm

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
(Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

Libre

Mangyaring mag-apply mula sa website

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## Support Class sa pag-aaral ng mga Bata

Isa itong klase para sa mga estudyante sa elementary school at junior high school na nag-aaral ng wikang Hapon. Hinihikayat naming dumalo ang mga batang nahihirapan sa kanilang mga aralin at mga takdang-aralin sa paaralan dahil hindi nakakaintindi ng wikang Hapon. Halina't mag-aral kasama ng mga boluntaryong may sapat na edad.

●Mga maaaring gawin sa klase
- Pagtulong sa mga takdang-aralin
- Pag-aaral ng mga salita sa aklat-aralin
- Aktibidad sa pag-aaral na gumagamit ng wikang Hapon, atbp.

●Para kanino
- Mga estudyante sa Grade 1 ng elementary school hanggang 3rd Year ng junior high school
- Mga batang pumapasok sa elementary school at junior high school sa Ota City
- Mga batang nahihirapan sa wikang Hapon o nag-aaral ng wikang Hapon



©Ota City

Enero 15, 22, 29, Pebrero 5, 12, 19, 26, Marso 5, 12, 19, 2025 (tuwing Miyerkules, 10 beses sa kabuuan)
Klase 1 (mga estudyante sa Grade 1 – Grade 5 ng elementary school) 3:45 pm – 4:45 pm
Klase 2 (mga estudyante sa Grade 6 ng elementary school – 3rd Year ng junior high school) 3:45 pm – 5:15 pm
*Maaaring pumili ng klase batay sa konsultasyon.

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
(Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

Klase 1: 2,000 yen
Klase 2: 3,000 yen (parehong 10 beses sa kabuuan)

Klase 1: mga 10 katao
Klase 2: mga 10 katao

- Tanggapan ng Global City Ota Cooperation Association (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku Ota International Exchange Center (Minto Ota))
- Website
- Magpadala ng e-mail.
- Magpadala ng fax.

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp

## Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginner

Isa itong kurso para sa mga mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon.
Pag-aaralan ang hiragana, katakana, at mga simpleng pag-uusap.



©Ota City

Pebrero 4, 6, 13, 18, 20, 25, 27, Marso 4, 6, 11, 2025
(Tuwing Martes at Huwebes maliban sa mga pista opisyal (10 beses sa kabuuan))
10:00 am – 12:00 pm

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
(Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

1,700 yen (bayad para sa 10 beses na kurso, mga aklat-aralin at materyales)

15 katao (Kung maraming aplikante, pipili sa pamamagitan ng bunutan)

Mangyaring mag-apply mula sa website

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail：info@ota-goca.or.jp

## Nais mo bang magsilbi bilang "Minto Friends"?

Sa Ota International Exchange Center (Minto Ota), nagsasagawa ng mga klase sa wikang Hapon at iba't ibang kaganapan tungkol sa multiculturalism, bukod pa sa pagkakaroon ng Multilingual Consultation Desk. Tinatawag na Minto Friends ang mga suporter ng Minto Ota na nagbibigay sa mga taong nangangailangan ng mga "impormasyon" na ito.

Tungkol sa Multilingual Consultation Desk

Tungkol sa Minto Friends

Ang "Minto Friends" ay...
- ✓ May tungkuling magbigay ng "impormasyon" (*) tungkol sa mga counter kung saan maaaring kumonsulta sa wikang dayuhan, at mga international exchange at multiculturalism sa Ota City!
- ✓ Hindi kailangang magrehistro at maaaring maging isa nito ang sinumang estudyante ng elementary school o mas matanda pa at interesado sa international exchange at multiculturalism!
- ✓ Ipakilala lamang ang iyong sarili bilang Minto Friends sa anumang oras!

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227
FAX 03-5744-1323
E-mail t-kokusai@city.ota.tokyo.jp




*Narito ang mga ibibigay na "impormasyon"

1. Tungkol sa Ota International Exchange Center (Minto Ota)
2. Tungkol sa <Para sa mga dayuhan> sa website ng Ota City
3. Tungkol sa pinakabagong impormasyong nakuha mula sa website ng Ota City

## Maaaring sumailalim sa pagsusuri sa HIV nang 2 beses sa isang buwan

Ang Ota City Public Health Center ay nagsasagawa ng pagsusuri sa HIV at syphilis nang libre at nang hindi makikilala ang indibidwal, 2 beses sa isang buwan (ika-2 at ika-4 na Miyerkules). Bukod dito, ang pagsusuri at tanggapan ng konsultasyon sa east exit ng Shinjuku ay nagsasagawa ng pagsusuri araw-araw maliban sa mga pista opisyal.



©Ota City

Disyembre 25 (Miyerkules), 2024, Enero 8 (Miyerkules), Enero 22 (Miyerkules), 2025
9:00 am – 10:00 am

Medical Check-up Room sa ika-2 palapag ng Kamata Area Office
(2-1-1 Kamata-Honcho, Ota-ku)

Libre

Online reservation sa pamamagitan ng website ng Ota City

Infectious Disease Countermeasures Section, Infectious Disease Countermeasures Division
☎ 03-4446-2643 FAX 03-5744-1524
Tokyo HIV Testing Reservation Center
☎ 050-3801-5309

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa